Pahina ng Katunayan

Monkeypox

ANO ANG MONKEYPOX?

Ang Monkeypox isang bihirang nakakahawang sakit na dulot ng bayrus ng monkeypox. Ito ay isang bayrus na kabilang sa parehong grupo ng mga bayrus na kinabibilangan ng smallpox bayrus at cowpox bayrus.

PAANO MAAARING MAHAWA ANG ISANG TAO NG MONKEYPOX BAYRUS?

Maaaring kumalat ang monkeypox mula sa hayop-sa-hayop o tao-sa-tao. Ang mga tao ay maaaring mahawahan ng monkeypox sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga likido sa katawan o mga sugat, o mga kontaminadong materyales tulad ng damit o kumot. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng respiratori na mga droplet sa pamamagitan ng matagal na pakikipag-ugnayan sa mukha (mahigit >3 oras). Bilang karagdagan, ang sa mga buntis ay maaaring kumalat ang bayrus sa kanilang sanggol sa pamamagitan ng inunan.

SINO ANG NANGANGANIB SA MONKEYPOX?

Kahit sino ay maaaring magkaroon ng monkeypox. Gayunpaman, mas malamang na mahawa nito ang mga sumusunod:

- Ang mga taong naglakbay sa mga lugar kung saan naiulat ang mga kaso o pagkakalantad ng monkeypox
- Ang mga nakipag-ugnayan sa isang taong may mga sintomas ng monkeypox o nakatanggap ng dayagnosis ng monkeypox
- Sa mga kamakailang kaso noong Mayo 2022, ang mga nagpapakilala sa sarili bilang mga lalaki na nagkaroon ng malapit na pagtalik o pakikipag-ugnayan sa mga ibang lalaki ay tila nasa mas mataas na panganib.

ANO ANG MGA SINTOMAS NG MONKEYPOX?

Karaniwan ang isang taong nahawahan ng monkeypox ay magkakaroon ng:

- Lagnat, pagkapagod, at iba pang sintomas na tulad ng trangkaso (panginginig, pananakit ng kalamnan, namamagang lymph node). Minsan, ang mga sintomas na tulad ng lagnat/trangkaso ay nilalaktawan o banayad lamang
- Ang isang pantal ay magiging mga sugat hanggang maging langib (tingnan ang mga larawan) at kumakalat mula sa bibig at mukha hanggang sa mga paa at kamay. Minsan, ang mga pantal at mga sugat ay matatagpuan lamang sa mga genital o perianal area. Ang karamdaman ay kalimitang tumatagal ng 2-4 na linggo

LONGBEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

Communicable Disease Surveillance and Control Division
2525 Grand Avenue, Long Beach, CA 90815 I Phone: (562) 570-4302
Website: longbeach.gov/monkeypox

Pahina ng Katunayan

Monkeypox

PAANO MAIIWASAN ANG MONKEYPOX?

Ang mga bakuna laban sa bulutong ay nagbibigay ng proteksyon laban sa monkeypox. Gayunpaman, inirerekomenda lamang ito para sa mga nasa matataas na panganib para sa impeksyon. Tumulong na maiwasan ang monkeypox sa pamamagitan ng:

- Paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng alcohol-based na sanitayser sa kamay
- Pag-iwas sa pakikipag-ugnayan sa mga imported na hayop, lalo na sa mga may sakit o patay na hayop
- Pag-iwas sa pakikipag-ugnayan sa kama o damit na maaaring nahawahan ng bayrus
- Pag-iwas sa direktnag kontak sa pantal o langib ng taong may monkeypox
- Paggamit ng personal protective equipment (PPE) kapag nag-aalaga sa mga taong nahawahan ng bayrus
- Pag-iwas sa paglalakbay sa mga lugar na may kumpirmadong kaso
- Pag-iwas sa mga aktibidad na maaaring magpataas ng pagkalat ng monkeypox, tulad ng pakikipagtalik, paghalik, pagyakap, o pakikipag-lambingan sa mga iba't-iba o hindi kilalang tao

PAANO MAAARING MASURI ANG MONKEYPOX?

Ang Monkeypox ay nasiyasat sa pamamagitan ng pagsusuri sa laboratoryo ng ispesimen na nakolekta mula sa mga sugat. Ang mga taong maaaring may mga sintomas ng monkeypox ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang mga tagapag-alaga ng kanilang kalusugan.

PAANO MAGAGAMOT ANG MONKEYPOX?

Karamihan sa mga tao ay gagaling sa kanilang pangsarili, ngunit ang mga may mahinang imyun sistem ay maaaring magkaroon ng malubhang sakit. Sa kasalukuyan, walang napatunayan pa, na ligtas na gamot na maaaring magamit para sa monkeypox. Maaaring makatulong ang mga anti-bayral sa mga may malalang sakit.

MGA KARAGDAGANG MGA MAPAGKUKUNAN NG MGA TULONG

Long Beach Health Department

California Department of Public Health

Centers for Disease Control and Prevention

MAPAGKUKUNAN NG TULONG

- *Photo credit: UK Health Security Agency*
- *Monkeypox*. Centers for Disease Control and Prevention. (2022, May 20). Retrieved May 25, 2022, from https://www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox/
- *2022 United States Monkeypox Case.* Centers for Disease Control and Prevention. (2022, May 24). Retrieved May 25, 2022, from https://www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox/response/2022/index.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Fpoxvirus%2Fmonkeypox%2Foutbreak%2Fcurrent.html
- *Figure 2 skin and soft tissue manifestations of monkeypox*. (2022, May 24). [Photograph]. The Lancet Infection Diseases. https://doi.org/10.1016/S1473-3099(22)00228-6

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

Communicable Disease Surveillance and Control Division
2525 Grand Avenue, Long Beach, CA 90815 I Phone: (562) 570-4302
Website: longbeach.gov/monkeypox